

Gabay sa Magulang

sa Child Protective Services (CPS)



**Pangasiwaan
sa mga Bata**

**Dibisyon ng
Serbisyo sa
Mga Bata
at Pamilya**

Talaan ng mga Nilalaman

Paksa	Pahina
Ano Ang Child Protective Services (CPS)?.....	2
Ano ang Abuso sa Bata At Pagpapabaya?	2
Paano Narinig Ng CPS Ang Tungkol sa Akin?.....	3
Ano Ang Karapatan Ng CPS Na Interbyuhin Ang Aking Anak?.....	4
Kailan Makikisangkot ang Pulisya?	4
Ano Ang “Pumoprotektang Kustodiya?”	5
Ano Ang Mangyayari Kapag Inilagay Ang Aking Anak sa Pumoprotektang Kustodiya?.....	5
Ano-anong Mga Serbisyong Mapapakinabangan Ko At Ng Aking Pamilya?	6
Ano Ang Alternative Response System (ARS)?.....	7
Ano-ano Ang Mga Karapatan Ko Kapag Iniimbestigahan Ako Ng CPS?	8
Ano-ano Ang Mga Karapatan Ko Kapag Tumututol Ako Sa Paraan Ng Paghawak Ng CPS Sa Aking Kaso?	9
Ano ang Labas sa Tahanan na Tirahan/Paglalagyan?	10
Ano Ang “Dependency?”	10
Ano-ano Ang Mga Karapatan Ko Bilang Magulang Kapag Inilagay Ang Aking Anak sa Pangangalaga sa Labas ng Tahanan O Natutuklasang Dependiyente?.....	11
Ano-ano Ang Mga Karapatan Ng Aking Anak?	13
Ano Ang Inaasahan Sa Akin?	13
Paano Ko Maibalik Ang Aking Anak?.....	14
Kailangan Ko Ba Ng Abogado?	15
Paano Ko Paplanuhin Ang Kinabukasan Ng Aking Anak?.....	16
Ano Ang “Pagwawakas Ng Mga Karapatang Pangmagulang?”	17
Ano Ang Magagawa Ng Indibidwal Kung May Di-pagkakasundo sa Social Worker ng CPS Tungkol sa Mga Pasya Sa Kaso?	18
Saan Makakakuha Ng Karagdagang Impormasyon Ang Indibidwal?	19
Polisiya sa Hindi Pagtatangi.....	19

Ano Ang Child Protective Services (CPS)?

Ang CPS ay isa sa mga gawain ng kawani ng Division of Children and Family Services (DCFS) ng Department of Social and Health Services (DSHS). Responsable ang CPS sa pagpoprotekta sa mga bata mula sa abuso o pagpapabaya.

Ang kawani ng CPS ay hinihiling ng batas na mag-imbetiga sa mga ulat ng sinuspetsahang abuso sa bata o pagpapabaya na tumutugon sa legal na kahulugan ng abuso sa bata o pagpapabaya.

Ano Ang Abuso Sa Bata At Pagpapabaya?

May ilang uri ng Abuso sa Bata o Pagpapabaya:

Ang pisikal na abuso ay kumakabilang sa anumang pinsala sa isang bata na hindi aksidental (nabaling mga buto, pasa, sunog, sugat at iba pang pinsala) o anumang kilos na maaaring seryosong nakapinsala sa bata ngunit suwerte at hindi (pagpalo sa bata gamit ang anumang sandata, pagpaputok ng baril sa harap ng bata, o iba pang katulad na kilos).

Ang emosyonal na abuso ay kumakabilang sa pagpaparamdam sa bata na hindi siya minamahal o na masama siya o walang halaga (pag-alipusta o paghamak sa bata, hindi pagpayag sa bata na magkaroon ng mga kaibigan, pagmumura, at iba pang katulad na gawain). Ang mga insidente ng karahasan sa pamamahay ay maaari ring maikonsidera na nakakaabuso sa mga bata.

Ang pagpapabaya ay maaari ring kumakabilang sa hindi pagbibigay ng ligtas na tahanan, pagkain, pananamit, o pangangalagang medikal/dental, pati na rin ang pag-iwan sa maliit na bata na mag-isa o sa isang tao na hindi magawang mangalaga sa kanya, pagmamaneho habang lasing kasama ang isang batang walang sinturong pangkaligtasan sa kotse, at iba pa. Ang pagkabigong pangasiwaan ang mga malalaking anak ay makokonsidera ring pagpapabaya.



Ang sekswal na abuso ay kumakabilang sa paggamit sa bata para sa sekswal na kilos, pagkuha ng pornograpiyang larawan ng bata, pagbubugaw sa bata, o iba pang uri ng sekswal na aktibidad kasama ang bata.

May iba pang mga kilos na makokonsiderang uri ng abuso at pagpapabaya sa bata at, sa bawat kaso, kailangang ikonsidera kung napinsala o nasa peligro ng pinsala ang kalusugan, kaligtasan, o kapakanan ng bata.

Paano Narinig Ng CPS Ang Tungkol Sa Akin?

Ang CPS ay nakatanggap ng ulat na nagpapahiwatig na ang iyong mga anak ay hindi binibigyan ng proteksyon o pangangalaga na kailangan nila.

Ang ilang tao, gaya ng mga doktor, nars, guro sa paaralan, mga tagapayo sa serbisyong pangkomunidad, sikolohista, nagbebenta ng gamot, day care

“

Ang taong nag-uulat sa CPS ay maaaring humiling na ingatan na kumpidensyal

”

providers, mga opisyal ng juvenile probation, mga empleyado ng DSHS, mga empleyado ng Department of Corrections, mga imbestigador ng morge, at mga nasa gulang na nakatira kasama ang lubhang inabuso o pinabayaang bata, ay inuutusan ng batas na iulat sa CPS o sa pulisya ang sinuspetsahang abuso (RCW 26.44.030).

Sinumang ibang tao na naniniwala na ang bata ay inaabuso o pinababayaan ay maaaring, sa tapat na dahilan, mag-ulat ng nasabing insidente sa CPS o sa pulisya. Ang malisyoso o sinadyang pag-ulat ng kasinungalingan ay isang maliit na paglabag sa batas at maaaring kasuhan (RCW 26.44.060(4)). Ang mga inuutusan ng batas na

reporter ay inuutusang gumawa ng kanilang rekomendasyon sa loob ng 48 oras sa panahon na namamalayan nila ang posibleng abuso sa bata o pagpapabaya.

Ang taong nag-uulat sa CPS ay maaaring humiling na ingatan na kumpidensyal ang kanyang pangalan.

Ano Ang Karapatan Ng CPS Na Interbyuhin Ang Aking Anak?

Ang batas ay nagbibigay ng kapangyarihan sa CPS na imbestigahan ang ulat ng sinuspetsahang abuso sa bata o pagpapabaya. Upang makumpleto ang imbestigasyon, gugustuhin ng empleyado ng CPS na makipag-usap sa iyo at sa iyong anak, pati na rin sa ibang tao na maaaring may mahalagang impormasyon. May karapatan ang CPS na interbyuhin ang iyong anak bago ka pagsabihan at wala ang iyong pahintulot. Maaaring interbyuhin ang mga bata sa paaralan, sa day care, sa tahanan, o sa anumang lokasyon na kombinyente at komportable para sa bata.

Kung nainterbyu ang iyong anak ng CPS, aabisuhan ka kaagad.

Ang CPS at ang pulisya ay may kapangyarihan din na kunan ng larawan ang bata gaya ng kailangan upang idokumento ang pisikal na kondisyon ng bata.

Pagkatapos ng imbestigasyon na kumakabilang sa pagtatasa sa tatag ng pamilya at mga peligro sa (mga) bata, maaaring ipagpatuloy ng social worker ang pagdalaw sa tahanan ninyo upang pag-usapan ang anumang problema mo sa iyong anak at anong tulong ang makukuha upang matulungan ka sa pagpapabuti sa mga bagay-bagay para sa iyo at sa iyong pamilya.

Kailan Makikisangkot Ang Pulisya?

Ang ulat tungkol sa sinuspetsahang abuso sa bata/pagpapabaya ay maaaring mapunta sa CPS o sa lokal na pulisya. Kailangang ipaalam ng pulisya sa CPS ang tungkol sa lahat ng ulat na natatanggap nila. Ang mga kawani ng CPS ay kinailangang magbigay ng kaalaman sa pulisya sa lahat ng ulat na nagpapahiwatig ng kamatayan, pisikal na pinsala, sekswal na abuso sa bata o iba pang posible na krimen.

Maaaring makikisangkot ang pulisya kung magiging mahalaga na ilagay ang bata sa pumoprotektang kustodiya. Maaari ring hilingin ang pulisya na tutulong kapag may rason na mag-alala tungkol sa kaligtasan ng manggagawa ng CPS.

“
**Maaaring
makisangkot
ang pulisya
kapag nagiging
mahalaga
na ilagay
ang bata sa
pumoprotektang
kustodiya.**

”

Kahit na magkasamang nagtatrabaho ang kawani ng CPS at ang pulisya, maaari silang gumawa ng magkahiwalay na imbestigasyon. Ang pulisya ay nagsasagawa ng kriminal na imbestigasyon, at ang CPS ay nagsasagawa ng pagtatasa sa pamilya. Kahit na hindi inihain ang kriminal na habla, ang CPS ay maaaring manatiling sangkot sa pamilya.

Ano ang “Pumoprotektang Kustodiya?”

Sa emerhensyang sitwasyon, kung saan parang nasa panganib ang bata sa nakaambang pinsala, o seryosong naabuso na o napabayaan, maaaring ilagay ng opisyal ng pulisya ang bata sa “pumoprotektang kustodiya” (protective custody) na hindi lalampas sa 72 oras (hindi kabilang ang Sabado, Linggo at pista opisyal). Ang kustodiya ng bata ay malilipat na rin sa CPS na maglalagay sa bata sa kamag-anak o sa lisensyadong foster home.



Kailangang ganapin ang pagdinig sa korte sa loob ng 72 oras (hindi kabilang ang Sabado, Linggo, at pista opisyal) sa panahon na inilagay ang bata sa kustodiya.

Ano Ang Mangyayari Kapag Inilagay Ang Aking Anak Sa Pumoprotektang Kustodiya?

Kapag inilagay ang bata sa pumoprotektang kustodiya, aabisuhan ka kaagad sa panulat. Bibigyan ka ng form na nagpapaliwanag sa iyo kung kailan at bakit inilagay ang iyong anak sa pumoprotektang kustodiya. Bibigyan ka rin sa pangalan at numero ng telepono ng manggagawa ng CPS at/o tanggapan kung saan makakakuha ka ng karagdagang impormasyon. Aabisuhan ka kung kailan at saan idadaos ang pagdinig sa pangangalaga sa tirahan at paano ka makakakuha ng abogadong itinalaga ng korte.

Sa Pagdinig ukol sa Pangangalaga sa Tahanan, may oportunidad ka na sabihin sa korte kung bakit hindi dapat ilabas sa iyong tahanan ang iyong anak. Kung sumasang-ayon sa iyo ang hukom o komisyoner, maibabalik ang iyong anak.

Kung ang pagdinig ay nagaganap sa harap ng komisyoner ng korte, may karapatan ka na iparebyu ang pasya ng komisyoner ng korte sa isang nakatataas na hukom ng korte. Upang makuha ang nasabing rebyu, kailangang maghain ka ng kahilingan para sa rebisyon sa korte sa loob ng 10 araw mula sa pagpasok sa pasya ng komisyoner ng korte.

Maaaring pasyahan ng DCFS na hindi na kailangan ang hakbang sa korte kahit tapos nang kinuha ng pulisya ang pumoprotektang kustodiya. Sa mga sitwasyong yaon, maaaring hilingin ka na pipirma sa isang kasunduan sa boluntaryong tirahan na mangyayari hanggang maresolba ang problema. O ang iyong (mga) anak ay maaaring ibalik sa iyo na may mga serbisyo sa iyong tahanan.

Ano-anong Mga Serbisyonang Mapapakinabangan Ko At Ng Aking Pamilya?

Ang DSHS ay nagbibigay ng maraming serbisyo upang pangasiwaan ang mga problema. Ang ilang mga serbisyo ay direktang ibinibigay ng DSHS, at ang iba ay ibinibigay sa loob ng komunidad. Ibinibigay na libre ang mga serbisyo ng CPS at walang pagsaalang-alang sa kita. Gayon pa man, kung ang iyong pamilya ay inirekomenda sa ibang ahensya na nagpapataw ng bayad, maaaring kailangan mong bayaran ang bayaring yaon. Ang mga serbisyo sa labas ng tahanan, gaya ng foster care ay may gastos na maaaring kailangan mong bayaran.

Heto ang ilan sa mga serbisyo na maaring maitulong ng CPS sa iyong pamilya na mahanap: (Hindi lahat ay makukuha sa bawat lokasyon.)

- Pabahay/pananamit/limitadong pinansyal na tulong
- Serbisyo sa kalusugan/pangangalagang medikal/pangangalagang dental
- Serbisyo sa Suporta sa Tahanan
- Pangangalaga sa bata
- Serbisyo sa Pangengempleo

“
**Ibinibigay
nang libre
ang mga
serbisyo ng
CPS na walang
pagsaalang-
alang sa kita.**
”

- Klase/Pag-aaral sa pangangalaga ng bata
- Serbisyo sa pagpapalano sa pamilya
- Transportasyon
- Serbisyo sa Kalusugan sa Isip
- Pagpapayong pampamilya at pangmag-asawa
- Imbakan ng pagkain
- Serbisyonang legal
- Mga programa sa abuso sa droga at alkohol
- Boluntaryong tulong: parent aides, Parents Anonymous
- Mga programa sa Karahasan sa Pamamahay/Panggagahasa

Ano Ang Alternative Response System (ARS)?

Sa Estado ng Washington, ang mga ulat ng CPS ay sinusuri gamit ang modelo ng Pagtatasa sa Peligro (Risk Assessment). Kung ang impormasyong ibinigay sa intake worker (taong kumikilos para sa bata, serbisyo sa pamilya o lisensyadong ahensya sa pagpapaampon) ay nagpapahiwatig ng mababang antas ng peligro sa iyong anak, irerekomenda ang iyong kaso sa ahensya sa labas na nakikipagkontrata sa CPS na magbigay ng serbisyo sa espesyal na suporta upang matulungan kang magtatag ng panala sa paligid mo at ng iyong anak na magtitiyak ng proteksyon para sa iyong anak at emosyonal o iba pang uri ng suporta sa iyo.

Boluntaryo ang partisipasyon ng isang ARS provider, at maaari kang tumanggi sa serbisyo. Gayon pa man, ang mga provider na ito ay kadalasang makakatulong sa iyo sa pagkuha ng serbisyo na tutulong sa iyo at sa iyong mga anak na maging mas masaya at mas komportable. Naniniwala kami na kung ikaw ay merong uri ng suporta na kailangan mo sa komunidad, hindi ka magiging kliyente ng CPS.

Ano-ano Ang Mga Karapatan Ko Kapag Iniimbestigahan Ako Ng CPS?

Kailanman na makompleto ng departamento ang imbestigasyon sa ulat sa abuso sa bata o pagpapabaya sa ilalim ng tsapter 26.44 RCW, kailangang abisuhan ng departamento ang (mga) pinagbibintangang gumagawa ng krimen tungkol sa ulat at sa konklusyon sa iniimbestigahan ng departamento. Ginagawa ang abiso sa pamamagitan ng sertipikadong sulat sa huling nalamang address ng tao.

May tatlong posibleng konklusyon. Ang founded o napagtibay ay nangangahulugan na ang nag-iimbestigang manggagawa ay nakahanap ng sapat na impormasyon na maniwala na mas posible kaysa hindi, ang ibinibintang na abuso o pagpapabaya ay nangyari. Ang unfounded o di-napagtibay ay nangangahulugan na ang nag-iimbestigang manggagawa ay nakahanap ng impormasyon na mas posible kaysa hindi na ang ibinibintang na abuso o pagpapabaya ay hindi nangyari. Ang inconclusive o walang pinal na resulta ay nangangahulugan na hindi nagawang alamin ng nag-iimbestigang manggagawa kung naganap o hindi ang ibinibintang na abuso o pagpapabaya.

Kung pinangalanan ka bilang paksa (subject) sa napatunayang ulat ng abuso sa bata o pagpapabaya, may karapatan ka na humiling ng rebyu at pagbabago sa konklusyon. Sa loob ng dalawampung araw sa kalendaryo pagkatapos matanggap ang nakasulat na paunawa mula sa departamento, maaaring hilingin mo na irebyu ng departamento ang konklusyon. Kailangang gawin ang kahilingan sa panulat. Kung ang iyong kahilingan para sa rebyu ay hindi ginawa sa loob ng kailangang panahon, hindi mo na maaaring hamunin pa ang konklusyon, at wala ka ng karapatan sa isang administratibong pagdinig o sa rebyu ng hudikatura sa konklusyon.

Pagkatanggap sa nakasulat na kahilingan para sa rebyu, mag-rerebyu ang departamento at, kung nararapat, babaguhin ang konklusyon. Ang mga kawani sa rehiyonal na pangangasiwa ay responsable sa pagrebyu. Pagkakompleto sa rebyu, aabisuhan ka ng departamento, sa panulat, tungkol sa pasya ng ahensya.

Ang paunawa ay ipinapadala sa pamamagitan ng sertipikadong sulat, sa iyong huling nalamang address.

Kung, kasunod sa rebyu ng ahensya, ang ulat ay nanatiling napagtibay, maaari kang humiling ng administratibong pagdinig upang tutulan ang konklusyon. Ang kahilingan para sa administratibong pagdinig ay kailangang ihain sa loob ng tatlumpong araw pagkatapos matanggap ang paunawa sa pasya ng ahensya sa pagrebyu. Kung ang iyong kahilingan para sa administratibong pagdinig ay hindi ginawa sa loob ng kailangang panahon, hindi mo na maaaring hamunin ang konklusyon, at wala ka ng karapatan sa karagdagang rebyu ng ahensya o sa administratibong rebyu o sa rebyu ng hukuman sa konklusyon.

Ano-ano Ang Mga Karapatan Ko Kapag Tumututol Ako Sa Paraan ng Paghawak Ng CPS Sa Aking Kaso?

Ang unang pinapahalagahan ng CPS ay ang tiyakin na lahat ng tao na nakikipagtransaksyon sa ahensya ay tinatrato nang maayos at may respeto. Sa dahilang iyan, meron tayong Citizen Complaint Policy and Procedure at espesyal na brochure na nagbabalangkas sa pamamaraan sa pagtiyak na lahat ng usapin ay tinutugon sa maayos, makatarungan, at husto sa oras na paraan. Ang mga pag-aalala tungkol sa paraan na pinapangasiwaan ang iyong kaso, ay maaaring ipalabas mo, ng iyong anak, ng isang propesyonal sa komunidad, o ng sinuman na may kaalaman sa sitwasyon.

Kung may reklamo o pag-aalala ka tungkol sa paraan sa paghawak o pangangasiwa sa iyong kaso ng CPS, kailangang una mong ipahayag ang iyong pag-aalala sa itinalagang social worker sa iyo. Kung mabigo itong malutas ang problema, makokontak mo nang direkta ang tagapangasiwa ng manggagawa. Kung hindi malulutas ng tagapangasiwa ang usapin, maaari mong kontakin ang Tagapangasiwa sa Lugar (Area Administrator) at pagkatapos niyan, ang Tagapangasiwa sa Rehiyon (Regional Administrator). Maaari kang makipag-ugnayan sa Office of Constituent Relations sa 1-800-723-4831 para sa tulong sa paglutas sa problema sa anumang oras.

Sinumang indibidwal ay maaari ring magdala sa reklamo sa Office of the Family and Children Ombudsman sa 1-800-571-7321 na isang ahensya na hiwalay sa DSHS at may kapangyarihan na mag-imbetiga ng anumang pag-aalala tungkol sa mga kilos ng Children's Administration na dinala ng sinumang mamamayan sa Estado ng Washington. Karaniwang inaasahan ng Ombudsman na ang mga pamamaraan sa pagresolba sa panloob na reklamo ay gagamitin muna bago masangkot ang nasabing tanggapan.

Ano ang Labas sa Tahanan na Tirahan/Paglalagyan?

Kadalasan, ang mga batang iniulat sa CPS ay hindi pinaalis sa kanilang mga tahanan. Ang mga bata ay inilalayo lang sa kanilang mga magulang kapag nagiging mahalaga na protektahan sila mula sa direktang pinsala o patuloy na abuso o pagpapabaya.

Ang angkop na kamag-anak ay ang karaniwang pinipiling tirahan o paglalagyan sa bata. Kung walang makukuhang angkop na kamag-anak, ilalagay ang bata sa lisensyadong foster home. Ang mga foster parents ay nagbibigay ng pang-araw-araw na pangangalaga sa mga bata at tumatanggap ng buwanang bayad upang matulungan na tustusan ang gastos sa pag-aalaga sa bata. Ang bata at ang foster parents ay pinapangasiwaan ng itinalagang social worker habang ang bata ay nasa tuluyan.

Ang ilang bata ay may mga seryosong problema na hindi sila makapamumuhay sa sitwasyon ng pamilya. Ang mga batang ito ay maaaring ilagay sa group home o sa pasilidad ng panggagamot. Ang mga lugar na yaon ay mas may kasangkapan na mangasiwa sa bata na may seryosong “acting out behaviors” (mga gawain sa pagpapalabas ng walang kontrol, agresibong damdamin o sekswal na paghahangad upang humupa ang tensyon o pag-aalala) o may problema sa kalusugan sa isip.

“

May ilang bata na may seryosong problema na hindi sila makapamuhay sa sitwasyon ng isang pamilya.

”

Ano Ang “Dependency?”

Sa napakaseryosong kaso, ang departamento o sinumang ibang tao ay may maaaring maghain ng petisyon sa korte na nagsasaad na ang bata ay:

- inabandona;
- inaabuso o pinapabayaan;
- walang magulang, tagapag-alaga, o tagakalinga na may kakayahang mag-alaga sa bata.

Ang korte ay magdadaos ng pagdinig upang malaman kung isa sa mga rasong ito para sa “dependency” ay umiiral. Magpapasya rin ang korte kung ang bata ay kailangang nasa kanyang sariling tahanan o sa paglalagyan sa labas sa tahanan, at kung sino ang mangangasiwa sa bata sa panahong sangkot ang korte. Ang pansamantalang kautusan na ito ng korte ay tinatawag na “dependency”.



Ang mga pagdinig para sa pagsuri sa “dependency” ay ginaganap bawat anim na buwan upang makita kung gaano kagaling ang pag-unlad ng plano ng korte na muling pagsamahin ang pamilya at kung kailangang ipagpatuloy ang pagiging sangkot ng korte o hindi.

Ano-ano Ang Mga Karapatan Ko Bilang Magulang Kapag Inilagay Ang Aking Anak Sa Pangangalaga sa Labas Ng Tahanan O Natutuklasang Dependiyente?

Ang mga magulang ay may ilang karagdagang karapatan maliban kung nag-uutos ang korte ng iba.

Kung ang iyong anak ay inilagay sa pumoprotektang kustodiya, may karapatan kang abisuhan sa tamang panahon at bigyang kaalaman kung bakit inilagay ang bata.

Kung ang iyong anak ay nasa tirahan sa labas ng tahanan (foster care, group home, o institusyon), may karapatan kang dalawin ang bata, maliban kung

nag-uutos ang korte ng iba. Ang kautusan ng korte ay karaniwang magtatakda sa dalas at lokasyon ng mga pagdalaw na ito.

Palagi mong matututulan ang anumang desisyon na naglilimita o tumatanggi sa mga karapatan sa pagdalaw.

Gagawin ng CPS ang lahat sa kanilang kapangyarihan na mabigyan ka ng kaalaman sa pagbuti sa kalusugan ng iyong anak at sa pagsulong, pag-unlad sa paaralan, at asal. Upang magawa ito, kailangan mong ipaalam sa manggagawa ng CPS ang kaayusan sa iyong pamumuhay.

May karapatan kang malaman kung ano ang inaasahan upang mabalik ang iyong anak sa tahanan mula sa paglalagay sa labas ng tahanan

May karapatan kang kunsultahin kailanman na kinukonsidera ang pagbabago sa plano ng kaso na nakakaapekto sa iyo o sa iyong anak.

May karapatan kang makatanggap ng tulong at/o pagpapayo para sa mga problema na nangangailangang resolbahin.

May karapatan kang makatanggap ng naunang paunawa ng, at dadalo, sa anumang pagdinig sa korte tungkol sa iyong anak o nakakaapekto sa iyong mga karapatan bilang magulang (maliban kung kumikilos ang korte sa emerhensya).

May karapatan kang humiling ng pagdinig sa korte tungkol sa pangangalaga sa tahanan (shelter care), kung hindi mo nagagawa, dahil sa mabuting dahilan, ang pagdalo sa 72 oras na pagdinig.

May karapatan kang makatanggap ng desisyon para sa bawat pagdinig na ibinase lang sa ebidensyang iniharap sa pagdinig ng walang kinikilingang hukom o taong naghahanap ng katotohanan (fact finder).

“

May karapatan kang tumanggap ng tulong at/o pagpapayo para sa mga problema na

”

May karapatan ka na magkaroon ng abogado kailanman na sangkot ang paglilitis sa korte. Kung hindi mo kayang kumuha ng abogado, magbibigay ng impormasyon ang manggagawa sa CPS kung paano makakakuha ng isa na itinalaga ng korte.

Ang lahat ng kliyente ay may karapatan na bigyan ng mga serbisyo sa wikang gusto nila at sa paraang sensitibo sa kultura.

Ano-ano Ang Mga Karapatan Ng Aking Anak?

May mga karapatan din ang iyong anak. Kabilang dito ang:

- Karapatan sa pagkain, tirahan, at pananamit upang matugunan ang kanyang mga pangangailangan.
- Karapatan sa proteksyon at kalayaan mula sa kapahamakan, panghahas, panganib, pinsala, at pagpapabaya.
- Karapatan sa emosyonal na seguridad.
- Karapatan sa pangangalaga sa kalusugan, na kumakabilang sa dayagnosis at panggagamot sa medikal, dental, at emosyonal na kondisyon.
- Karapatan na maprotektahan ang kanyang mga karapatan sa panahon ng anumang proseso sa korte. Ang taong tinatawag na “guardian-ad-litem” ay maaaring italaga ng korte upang makatulong sa pagprotekta sa mga karapatan ng bata. Mangyayari ito kapag may anumang uri ng hakbang sa korte ang nagaganap.

Ano Ang Inaasahan Sa Akin?

May mga tiyak na responsibilidad ka na:

- Magbigay sa iyong anak ng mga mahahalagang damit at personal na bagay (mga padyama o damit pantulog, mga laruan, o iba pang bagay) upang matulungan ang iyong anak na mas maging komportable kung nasa pangangalaga siya sa labas ng iyong tahanan.

- Regular na dadalaw sa iyong anak, sa oras at lugar na pinagkasunduan kasama ng kawani ng CPS. Kung kailangang mamintis mo ang pagdalaw, responsibilidad mo na abisuhan ang manggagawa ng CPS nang maaga.
- Makipagtulungan sa kawani ng CPS sa paggawa ng plano para sa kinabukasan ng iyong anak, kabilang ang mga hakbang na kailangan mong gawin.
- Kikilos para sa paglutas sa mga problema na nagiging sanhi ng abuso o pagpapabaya. Kung irerekomenda ka ng manggagawa ng CPS o ng korte sa ibang dako upang makakuha ng tulong para sa problema, kailangang sundin mo ang rekomendasyong iyon o makipag-usap sa iyong social worker tungkol sa iyong mga pag-aalala.
- Bigyang kaalaman ang social worker sa mga pagbabago sa iyong buhay, gaya ng bagong address, o numero ng telepono, pagbabago sa sitwasyon ng pangengemplo, kasal/diborsyo o iba pang pagbabago na maaaring makakaapekto sa plano para sa iyong anak.
- Tuparin ang appointments o pinagkasunduang pakikipagkita sa kawani ng CPS at sa ibang tumutulong na mga propesyonal. Kung hindi mo matupad ang appointment o kailangang ikansela, ipaalam nang maaga sa manggagawa ng CPS.
- Magbigay ng impormasyon tungkol sa iyong anak, kabilang ang nakaraang medikal na pangangalaga, sitwasyon sa paaralan, o iba pang impormasyon na maaaring makakaapekto sa plano para sa iyong anak.
- Makipag-usap sa kawani ng CPS tungkol sa pangangalaga sa iyong anak at pag-unlad.
- Mag-ambag sa gastos sa pagbibigay ng pangangalaga sa bata.

Paano Ko Maibalik Ang Aking Anak?

Gusto ng CPS na panatilihin ang iyong anak sa tahanan basta ligtas ito para sa bata. Gumagawa ng mga hakbang ang CPS na ilagay siya sa tirahan

“

**Gusto ng CPS
na panatilihin
ang iyong
anak sa
tahanan basta
ligtas ito para
sa bata.**

”

sa labas ng tahanan dahil lang sa ang sitwasyon sa tahanan ay lumikha ng makahulugang peligro o naglalarawan sa iyong anak sa direktang panganib. Ang petisyon para sa dependency, kung saan nakakatanggap ka ng kopya, ay naglalarawan sa kondisyon na inisip ng social worker na naglagay sa iyong anak sa panganib. Kung hindi mo naiintindihan kung ano ang sinasabi nito, hilingin sa iyong worker at ang iyong abogado na ipaliwanag ang petisyon sa iyo. Upang mabalik ang iyong (mga) anak sa iyo, kailangang maresolba ang mga kondisyong inilarawan sa petisyon.

Ang mga pinakamabuting paraan na makamit ito ay:

- Dumalo ka sa korte kapag may pagdinig tungkol sa iyong anak. Kung hindi ka dadalo sa pagdinig, maaaring intindihin ng hukom ang iyong pagkawala na wala kang pakialam kung ano ang mangyayari sa iyong anak.
- Sundin ang kautusan ng korte. Anumang kautusan na ini-isyu ng korte tungkol sa iyong (mga) anak ay maglalakip ng plano sa kaso na may mga tiyak na rekisitos para sa iyo. Kung mag-uutos ang korte na dadalo ka sa klase ng pangangasiwa sa galit (anger management classes) o panggagamot sa abuso sa substansya, gawin mo, kahit na naniniwala ka na hindi mo kailangang gawin. Maaaring masorpresa ka sa anumang matututunan mo tungkol sa iyong sarili sa klase o sa panggagamot.
- Gawing ligtas para sa iyong anak ang pag-uwi sa tahanan. Maaaring nangangahulugan ito sa pakikiusap sa ibang tao na umalis sa inyong tahanan. O maaaring mangangahulugan ito sa paggawa ng hakbang na ayusin ang kondisyon ng pamumuhay sa inyong tahanan. Hindi papayagan ng korte na babalik ang iyong anak sa inyong tahanan hanggang ligtas na gawin ito.

Kailangan Ko Ba Ng Abogado?

Libre ka na umupa ng abogado anumang oras kung gusto mo. Gayon pa man, hindi ka makakakuha ng abogadong itinalaga ng korte maliban kung inihain ang petisyon para sa dependency.

Kung inihain ang petisyon para sa dependency, kailangan mo ng abogado, at kung hindi mo kayang magkaroon nito, magtatalaga ang korte ng abogado para sa iyo. Kung inilagay ang iyong anak sa pumoprotektang kustodiya, ang nakasulat na paunawa na matatanggap mo ay magsasabi sa iyo kung paano hihiling nito. Kung hindi mo naiintindihan, makipag-ugnayan sa manggagawa ng CPS o sa Juvenile Court.

Ang iyong abogado ay kumakatawan sa iyong mga interes sa korte. Siguruhing makipag-usap sa iyong abogado bago ang bawat pagdinig upang malalaman niya kung paano pinakamabuti na kakatawan sa iyo. Kung ikaw at ang ibang magulang ng bata ay hindi ikinasal o magkahiwalay na naninirahan, maaaring italaga ng korte ang magkaibang abogado para sa inyong dalawa.

Ang iyong anak ay maaaring magkaroon ng “guardian ad litem” na itinalaga upang kakatawan para sa kanyang pinakamabuting interes. Ang taong ito ay maaaring gustong makipag-usap sa iyo. Kung gayon man, magagawa niyang kumatawan sa iyong anak nang mas maayos kung iulat mo ang nalalaman mo tungkol sa bata.

Ang manggagawa ng CPS ay kakatawanin din ng isang abogado na ibinigay ng Office of the Attorney General.

Paano Ko Paplanuhin Ang Kinabukasan Ng Aking Anak?

Ang pagkakaroon ng permanenteng tahanan ay napakahalaga sa isang bata. Kung nasa foster care ka at nagpalipat-lipat sa mga kamag-anak noong bata, maiintindihan mo kung gaano ito kahalaga sa iyong anak.



Naiintindihan din ng CPS kung gaano kahalaga ang pagiging permanente sa isang bata. Ang pag-alis sa bata mula sa kanyang pamilya ay karaniwang pansamantala. Ang layunin ng CPS ay mawakasan ang pansamantalang tirahan at masigurong ang bata ay may ligtas na sitwasyon sa kanyang sariling tahanan.

Matutulungan mo ang iyong anak sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa CPS upang magsulong at magsulat ng plano. Ang planong ito ay dapat magtala sa mga problema na tinalakay ninyo ng CPS. Ang plano ay dapat magpahayag kung ano ang mga kailangang gawin upang maitama ang mga problema, sino ang gagawa ng ano, at gaano ito katagal gawin.

“

Ang pagwawakas ng mga karapatan ng magulang ay nangangahulugang ang magulang ay wala ng anumang karapatan o responsibilidad sa bata.

”

Ano ang “Pagwawakas Ng Mga Karapatang Pangmagulang?”

Ang pagwawakas ng karapatang pangmagulang ay nangangahulugang ang magulang ay wala ng legal na karapatan na makipagkita o dumalaw sa bata, walang karapatan sa kustodiya ng bata, walang karapatan na magpasya sa kinabukasan ng bata. Ang korte ay may kapangyarihan na pasyahan ang pagwawakas sa mga legal na karapatan ng magulang sa kanyang anak.

Sa ilang pagkakataon, ang magulang ay maaaring boluntaryong magpalaya sa bata para sa pagpapaampon sa pamamagitan ng pagpirma sa legal na dokumentong tinatawag na “A Relinquishment of Parental Rights” (Pagsuko sa mga Karapatang Pangmagulang). Ang pagpirma sa dokumentong ito ay napakaseryosong bagay na dapat pag-isipan nang mabuti at talakayin nang ganap kasama ang social worker ng CPS at ang abogado.

Maaaring wakasan ng korte ang mga karapatan ng magulang na walang permiso kapag:

- napagpasyahan ng korte na umiiral ang dependency;
- nag-utos ang korte ng mga serbisyo upang maiwasto ang mga problema na sanhi ng dependency at umiiral pa rin ang problema;
- ang iyong anak ay nasa labas ng pangangalaga sa tahanan sa loob ng 12 buwan, at hindi ka nakagawa ng sapat na pag-unlad upang mapayagan ang iyong anak na ligtas na maibalik sa tahanan sa madaling panahon;
- ang mga serbisyong iniutos ng korte ay inalok at ibinigay;

- may konting posibilidad na bubuti ang kondisyon upang makabalik sa tahanan ang bata; at
- ang pagpapatuloy sa relasyon sa pagitan ng magulang at anak ay mas nagpapahirap sa paghahanap ng permanenteng tahanan para sa bata.

Anumang panahon na winakasan ang mga karapatan ng magulang, ang manggagawa ng DCFS ay kikilos tungo sa permanenteng tirahan ng bata.

Ano Ang Magagawa Ng Indibidwal Kung May Di-pagkakasundo Sa Social Worker Ng CPS Tungkol Sa Pasya Sa Kaso?

Ang malayang pagtatalakay kasama ang kawani ng CPS ay karaniwang makakaresolba sa karamihan sa mga di-pagkakasundo. Gayon pa man, kung hindi maresolba ang di-pagkakasundo sa antas na yaon, ang sinumang indibidwal ay maaaring magsimula sa proseso sa reklamo na tinalakay sa unang mga pahina ng buklet na ito.

Kung sangkot ang dependency, ang mga magulang at mga anak ay kailangang magsabi sa kanilang mga abogado tungkol sa di-pagkakasundo. Ibibigay rin ng kawani ng CPS ang impormasyong ito sa abogado ng departamento.

Kung walang kalutasang mahahanap sa mga prosesong ito, ang sinumang indibidwal ay maaaring makipag-ugnayan sa:

- The Office of the Family and Children’s Ombudsman, sa 1-800-571-7321 o sa Children’s Administration Office of Constituent Relations sa 1-800-723-4831 o (360) 902-8061.
- Kung ang indibidwal ay naniniwala na ang problema ay nagpapahiwatig ng paglabag sa karapatang sibil, ang ibang ahensya ay maaaring kontakin sa:
- Office for Civil Rights, United States Department of Health and Human Services, 1-800-362-1710; TDD (206) 615-2296.

- Washington State Human Rights Commission; 1-800-605-7324, Seattle; 1-800-233-3247, Olympia; 1-800-662-2755, Yakima.
- Division of Access and Equal Opportunity, Washington State Department of Social and Health Services; 1-800-521-8060, TDD, 1-800-521-8061.

Ang lahat ng mga polisiya, pamamaraan, at mga manwal ng DCFS ay pampublikong rekord at matitingnan sa anumang lokal na tanggapan. Mangyaring tumawag muna at makipag-appointment upang ang mga pangkasalukuyang manwal ay makukuha at ang taong sasagot sa mga tanong ay naroon rin.

Ang mga batas, na tinatawag na Revised Code of Washington (RCW), ay makikita sa seksyon ng reperensya sa pangunahing mga aklatan, sa pamamagitan ng abogado, o minsan sa County Courthouse. Ang mga seksyon na akma sa CPS ay makikita sa Tsapter 13.34, 26.44, at 74.13.



Ang mga indibidwal na direktang sangkot sa imbestigasyon ay makasusuri sa kanilang sariling mga files sa pamamagitan ng pakikipag-appointment o paghiling a pamamagitan ng lokal na tanggapan ng DCFS. May ilang impormasyon na kailangang burahin mula sa mga files na ito bago makita ng mga kliyente.

Polisiya Sa Hindi Pagtatangi

Polisiya sa Pangasiwaan sa mga Bata na walang tao ang isasailalim sa diskriminasyon, pagbawalan sa pagsali, o tanggihan sa mga benepisyo sa anumang programa o gawain, o sa kontraktor nito, batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, pananampalataya, relihiyon, kasarian, estado ng pag-aasawa, edad, kapansanan, beterano sa panahon ng Vietnam, baldadong beterano, paghihiganti,

sekswal na oryentasyon, o sa paggamit ng sinanay na asong panggabay o hayop na panserbisyo. Ibibigay kapag hinihiling ang makatarungang akomodasyon para sa mga taong may kapansanan, kabilang ang mga interpreter at mga materyales sa alternatibong porma.

- ang mga kliyenteng naniniwala na pinakitunguhan sila nang di-pantay ng Pangasiwaan sa mga Bata (Children's Administration) ay maaaring maghain ng reklamo sa alinmang sumusunod na ahensya:
- Office for Civil Rights, United States Department of Health and Human Services, 1-800-362-1710; TDD (206) 615-2296.
- Washington State Human Rights Commission; 1-800-605-7324, Seattle; 1-800-233-3247, Olympia; 1-800-662-2755, Yakima.
- Division of Access and Equal Opportunity, Washington State Department of Social and Health Services; 1-800-521-8060, TDD, 1-800-521-8061.

